REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-118

KAPASIYAHAN NA SINUSUSUGAN ANG KAPASIYAHAN BILANG 89-120 SA PAMAMAGITAN NG PAGTANGGAP NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA MULA SA DEVELOPER NG SOLDIERS' HILLS SUBDIVISION NG LAHAT NG ROAD LOTS NA MAGING MGA MUNICIPAL ROADS AT ANG MGA OPEN SPACES DITO NA MA-TURNOVER SA PAMAHALAANG BAYAN.

***********************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Arturo S. Bunyi, MD

***********************************************************

SAPAGKAT, ang Soldiers' Hills Subdivision ay isa sa pinakamalaking subdivision sa Bayan ng Muntinlupa at malaki ang naitutulong sa pag-unlad ng bayang ito sa pamamagitan ng mga buwis na ibinabayad ng mga naninirahan dito;

SAPAGKAT, matagal ng minimithi ng mga naninirahan sa Soldiers' Hills Subdivision na ang kanilang mga lansangan (road lots) at mga open spaces ay mapa-turnover sa Pamahalaang Bayan upang mabigyan ng sapat na pangangalaga ang mga ito;

SAPAGKAT, ang Soldiers' Hills Subdivision ang pinaka-gateway sa iba pang mga karatig na subdivision tulad ng Mutual Homes I, II & III Subdivision at Camella Homes I and II-D, II-E Subdivision;

SAPAGKAT, maging developer ng Soldiers' Hills Subdivision ay lubos na sumasang-ayon na ang mga lansangan at open spaces dito ay mai-turnover sa Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, matagal na ring panahon na naghihirap ang mga naninirahan sa Soldiers' Hills Subdivision sanhi ng mga sira-sirang lansangan na nangangailangan ng agarang pagkilos upang maisaayos para sa kaginhawahan ng mga naninirahan dito.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na sinususugan ang Kapasiyahan Bilang 89-120 sa pamamagitan ng pagtanggap ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa mula sa developer ng Soldiers' Hills Subdivision ng lahat ng road lots na maging municipal roads at ang mga open spaces dito na ma-turnover sa Pamahalaang Bayan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-65th regular na pulong na ginanap ngayong ika-29 ng Nobyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pansamantalang Tagapangulo

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER E. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan